


# Edukasyon sa Pagpapakatao Ikatlong Markahan – Modyul 2: Pagiging Malikhain



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Pagiging Malikhain  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jovylin A. Macawile, Maria Fe P. Alas
<b>Editor:</b>	Caridad P. Baginon, Ma. Shiela C. Adona
<b>Tagasuri:</b>	David C. Alcober, Lita V. Jongco, Asuncion S. Barola
<b>Tagaguhit:</b>	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.
<b>Tagalapat:</b>	Gualberto R. Gualberto Jr., Ana Lisa M. Mesina
<b>Tagapamahala:</b>	
	Ma. Gemma M. Ledesma      Mariza S. Magan
	Arnulfo M. Balane          Edgar Y. Tenasas
	Rosemarie M. Guino        Mark Chester Anthony G. Tamayo
	Joy B. Bihag                Gretel Laura M. Cadiong
	Ryan R. Tiu                 Ranulfo L. Baay
	Amenia C. Aspa             Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**5**

**Edukasyon sa  
Pagpapakatao  
Ikatlong Markahan – Modyul 2:  
Pagiging Malikhain**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ikaw ba ay biniyayaan ng Diyos ng talento? May kakayahan ka bang lumikha ng mga bagay-bagay? Nagagamit mo ba ito sa tamang paraan? Ang ating talino ay biyaya mula sa Diyos na nagagamit natin sa mga kapaki-pakinabang na paraan. Kaakibat sa gawaing ginagamitan ng talino ay ang ating pagiging malikhain. Kung angkop at tama ang paggamit ng talino, makatutulong ito hindi lamang para sa iyong sariling kaunlaran kundi gayun na rin sa kaunlaran ng buong bayan at higit sa lahat ng buong daigdig.

Ang sumusunod na mga layunin ay ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagmamalas ng pagkamalikhain sa pagbuo ng mga sayaw, awit, at sining gamit ang anomang *multimedia* o teknolohiya;
- Naipakikita ang pagiging responsable sa pagbuo ng mga sayaw, awit, at sining gamit ang anomang *multimedia* o teknolohiya; at
- Nakasusulat ng mga paraan kung paano higit na malilinig ang talento. **EsP5PPP-IIIb-24**



## ***Subukin***

Ang *Cariñosa* ay isang magiliw na sayaw na magkapares ang babae at lalaki na animo'y nagliligawan. Taong 1992 nang palitan ang Tinikling bilang pambansang sayaw ng Pilipinas.

Ang salitang ito ay nangangahulugang mapagmahal at mapag-aruga na hango sa pamamaraan ng pag-indak at pag-indayog ng mga mananayaw nito sa saliw ng mabining awitin. Kapuna-puna sa sayaw na ito ang pagpapakita ng matinding emosyon o damdamin. Sa sayaw na *Cariñosa*, ang babaeng mananayaw ay may hawak na panyo o pamaypay na panaka-naka niyang ipinagkukubli sa kaniyang mukha habang mayuming umiindak. Ang lalaking mananayaw naman ay sumasayaw sa tila nang-aamong pamamaraan habang nakatingin sa mga mata ng kaparehang babae. Sa ganitong mga galaw ay makikita na ang mga mananayaw ay tila nagpapakita ng pagsinta sa isa't isa.

**Panuto:** Batay sa iyong nabasa at sariling opinyon, sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang ibig sabihin ng *Cariñosa*?
2. Napanood mo na ba ang sayaw na *Cariñosa*? Ano ang masasabi mo rito?
3. Masasabi mo bang ito ay malikhain? Bakit?
4. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagiging malikhain?

5. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang pagiging isang malikhain?

## Aralin

# 1

## Pagiging Malikhain



### *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin ang angkop na salita na tinutukoy nito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba at isulat sa sagutang papel.

1. Ito ay isang kaugaliang Pilipino na nagpapakita ng pagtutulungan, pagkakaisa, pagdadamayan, at pakikipagkapwa-tao.
2. Isa itong kaugaliang Pilipino kung saan nagbibigay tayo sa ating mga kapamilya at kaibigan ng mga bagay galing sa lugar na ating pinuntahan.
3. Ito ay paniniwala ng mga Pilipino na dapat mong ibalik ang pabor sa taong nagmagandang loob sa'yo.
4. Kaugalian ng Pilipino na laging bukas tumanggap ng bisita o nga taong hindi kaano-ano.
5. Isang kaugaliang ginagawa ng mga Pilipino sa pagnanais na magkaroon ng maganda at mabuting pakikitungo sa ibang tao.
6. Ito ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kanilang pamilya.
7. Isa itong uri ng pagbabayanihan ng mga Pilipino na nangyayari sa pagtatrabaho sa bukid.
8. Ito ay ang paghalik sa kamay ng mga magulang o mga nakatatanda na madalas na ginagawa ng mga nakababata.
9. Ito ay tumutukoy sa katangian ng mga Pilipino kung saan pinanatiling nakaapak sa lupa ang mga paa.

10. Ito ay katangiang tumutukoy sa pagtulong ng buong puso sa mga nangangailangan.

Pagmamano	Pagbibigay ng pasalubong
Pagpapakumbaba	Pagiging malapit sa pamilya
Palusong	Pagiging magiliw sa mga panauhin
Bayanihan	Pagkakaroon ng utang na loob
Pakikisama	Matulungin



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang maikling kwento sa ibaba at sagutin ang kasunod na mga tanong. Gamitin ang sagutang papel.

### Angking Galing

Jovylin Abueva Macawile

Ang batang si Lito ay anak ng isang pamilyang may mga angking galing. Ang kanyang amang si Mang Leonardo ay magaling sa pagguhit. Lagi siyang kinukuha na magpinta ng mga *mural* sa mga paaralan, munisipyo, at simbahan sa kanilang lugar. Si Aling Mila naman na kanyang ina ay isang guro sa musika. Taglay ni Aling Mila ang galing sa pagkanta at pagtugtog ng kahit na anong instrumentong pang-musika. Maliban sa pagiging guro, naibabahagi niya ang kanyang talento sa musika sa kanilang pamayanan sa pamamagitan ng pagbuo ng *choir* sa kanilang simbahan at barangay. Ang nakakabatang kapatid naman ni Lito si Mara ay magaling sa pagsasayaw. Lagi siyang sumasali sa mga palatuntunan at paligsahan sa pagsayaw sa kanilang paaralan at maging sa barangay.

Lahat sa kanyang pamilya ay may angking galing kaya sa palagay ni Lito ay siya lang ang natatanging walang galing. Isang umaga ay napatanong siya sa kanyang ina.

“Nanay, ano po kaya ang aking talento?”, mapang-uisang tanong ni Lito. “Si Tatay magaling sa pagguhit. Ikaw naman po sa pagkanta. Si Mara naman sa pagsayaw. Ako po parang hindi ako magaling sa kahit na ano.”

“Anak, lahat tayo ay may angking galing. Tayong lahat ay biniyayaan ng ating Dakilang Lumikha ng mga natatanging galing. Hindi ibig sabihin na dahil hindi ka magaling gumuhit, kumanta o sumayaw ay wala ka ng talento o hindi ka magaling,” paliwanag ni Aling Mila.

“Tama ang Nanay mo, Lito,” sagot naman ni Mang Leonardo. “Di ba magaling ka sa paggawa ng kung ano-anong likha gamit lang ang mga bagay na patapon na? Diyan ka magaling, anak sa gawaing iyan. Ipagpatuloy mo lang iyan,” dagdag na sabi ng tatay niya.

“Ang galing mo nga, Kuya gumawa ng mga laruan mula sa mga lata, tsinelas, at mga turnilyong wala ng gamit.” Sambit ni Mara.

“Pagkamalikhain ang tawag diyan, mga anak. Ang tulad mo, Lito na may kakayahang makaisip o makabuo ng mga ideya at bagay na mapapakinabangan pa ay isang talento. Ibig sabihin din niyan ay malawak ang iyong imahinasyon. Magtiwala ka lang sa iyong sarili at mapapaunlad mo pa ang iyong talento,” paliwanag ng kanilang ina.

“Salamat po sa paniniwala ninyo na mayroon akong talento. Ngayon po ay alam ko na ang aking angking galing na aking pagtutuonan ng pansin,” ang tugon ni Lito.

“Tama iyan, Lito. Iyang galing mong iyan ang iyong pagtutuonan ng pansin at tiyak na ikaw ay mas lalo pang gagaling,” payo ng kanyang ina.

“Sa susunod na linggo, Kuya, may paligsahan sa paggawa ng *Scrap Art* sa paaralan nabasa ko sa *bulletin board*. Sumali ka kaya, Kuya. Siguradong mananalo ka,” masiglang sabi ni Mara.

“Sige, Lito, sumali ka sa paligsahang iyan nang mapagtibay mo pa ang iyong angking galing,” payo ni Mang Leonardo.

“Opo, sasali po ako. Bukas na bukas po ay magpapalista ako,” magalang tugon ni Lito.

Sumali si Lito sa *Scrap Art Contest* sa kanilang paaralan at siya ang nakatanggap ng unang gantimpala. Siya rin ang magiging kinatawan ng kanilang paaralan sa paligsahang pandistrito sa paggawa ng *scrap art*.

“Nanalo po ako! Napatunayan ko pong may angking galing ako. Ngayon pong alam ko na kung saan ako magaling, pagbubutihan ko pa,” masayang sabi ni Lito.

“Iyan ang tama, anak. Ipagpatuloy mo iyan,” sagot ng kanyang ina.

Tuwang-tuwa ang lahat at nagkaisang ipagpapatuloy na pagbubutihin ang kanilang mga angking galing.



Sagutin ang mga katanungan sa sagutang papel.

1. Bakit inakala ni Lito na wala siyang talento?

---

---

---

2. Ano-ano ang talentong angkin ng mag-anak?

---

---

---

3. Ano ang sinalihan ni Lito na nagpatunay sa kanya na mayroon siyang natatanging galing?

---

---

---

4. Anong aral ang natutuhan mo sa kwento?

---

---

---

5. Ikaw, anong talento ang taglay mo?

---

---

---

6. Bakit kailangang linangin ang pagiging malikhain?

---

---

---



## ***Suriin***

Ang pagkamalikhain ay tumutukoy sa talento o kakayahan sa paglikha ng isang bagay. Ang isang malikhaing tao ay nakakalikha ng bagong bagay katulad ng isang produkto, isang kalutasan o solusyon sa problema, isang gawain ng sining, isang akdang-buhay, at iba pa.

Ayon kay Dr. Howard Gardner, isang Amerikanong Sikolihista (Psychologist), ang bawat tao ay maaring magtaglay ng walong katalinuhan o intelligence. Tatlo sa walong *multiple intelligences*, ay ang talino sa sining na nabibilang sa *spatial-visual intelligence*, ang pag-awit at kagalingan sa paggamit ng iba't-ibang instrumentong pangmusika na nabibilang sa *musical intelligence*, ang pagsayaw at kagalingan sa sports na nabibilang naman sa *body kinesthetic*.

Sa panahon ng inyong kabataan, nasasalamin ang inyong angking talino at pagiging malikhain sa pag-awit, pagsayaw, pagguhit, pag-iisip ng bagong mga solusyon sa problema, at paggawa ng bagong produkto. Kaya habang ikaw ay bata pa, ito ay iyong linangin at pagyamanin. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga ito.

1. Ipagpatuloy ang pag-alam sa iba mo pang mga kakayahan, talento, at kagalingan.
2. Ugaliing ibahagi ang iyong pagkamalikhain sa mga proyektong nakapagpapabuti sa kapwa.
3. Sumali sa mga paligsahang makatutulong upang lalong mahasa ang iyong pagkamalikhain.
4. Maging mapagpakumbaba sa pagtanggap ng mga karangalan o mga papuri ng ibang tao o samahan.
5. At higit sa lahat, maging responsable sa paggamit at pagpapakita ng iyong pagkamalikhain.

Marahil may mga bata na nalilito pa sa kung ano ang kanilang talent. Huwag mag-alala dahil malalaman mo rin habang ikaw ay lumalaki. Ang pagiging malikhain ay hindi lamang tumutukoy sa pagkakaroon ng mga natatanging talento. Maaari mo rin itong maipakita sa iba't ibang paraan. Maaari rin itong maipakita sa pamamagitan ng pagiging maparaan sa paggawa ng mga gawain tulad ng pagkukumpuni ng mga sirang gamit, paglikha ng iba't ibang bagay na may pakinabang, at pagkakaroon ng kakayahan lutasin ang iba't ibang suliranin o *problem-solving*.



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Tukuyin ang mga pangungusap sa bawat bilang na nagpapakita ng pagkamalikhain. Isulat sa sagutang papel ang **Oo** kung nagpapakita ng pagkamalikhain at **Hindi** kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Batang naging magaling gumuhit ng dahil sa panonood ng mga *video* sa *cellphone* at sa ngayon nakapagbebenta na ng kanyang mga obra para maipantustos sa kanyang pag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 2. Dalawang bata na kasali sa paligsahan sa pagkanta ang nagtatalo tungkol sa kung sino sa kanilang dalawa ang makakakuha ng maraming *likes* sa mga *video* na ini-*upload* nila sa *Facebook*.
- \_\_\_\_\_ 3. Guro na magaling gumuhit gamit ang *computer application* ang gumagawa ng mga kakaibang *visual aids* para magamit sa kanyang pagtuturo.
- \_\_\_\_\_ 4. Batang magaling gumawa ng ibat-ibang disenyo gamit lamang ang mga lumang diyaryo. Siya ay nagbabahagi ng mga *video* sa *social media* ng kanyang mga pamamaraan ng paggawa nito.
- \_\_\_\_\_ 5. Pangkat ng kabataan na nagsasanay magsayaw sa plasa tuwing Sabado. Sila ay kumukuha ng mga makabagong ideya ng pagsasayaw mula sa mga *video* sa *Youtube*.
- \_\_\_\_\_ 6. Kapatid na nagluluto ng panibagong putahe mula sa natirang ulam. Siya ay nagbabahagi sa iba sa pamamagitan ng paga-*upload* ng mga *video* sa *social media*.
- \_\_\_\_\_ 7. Dalawang magkapitbahay na pinag-uusapan ang kabuhayan ng ibang tao sa lugar nila ay minsang gumagamit pa ng *social media* para maipakalat ang kwentong nakalap nila.
- \_\_\_\_\_ 8. Estudyanteng magaling kumanta ang nagsasanay gamit ang *videoke machine* sa tuwing may sasaliang paligsahan.
- \_\_\_\_\_ 9. Grupo ng mga mag-aaral na mahilig manood ng pelikula ay nakagawa ng kakaibang drama na ipinalabas sa kanilang paaralan.
- \_\_\_\_\_ 10. Batang gumagawa ng *face masks* gamit ang mga lumang damit at kagamitan sa pagdisenyo.



## ***Isaisip***

**Panuto:** Lagyan ng **tsek (✓)** ang patlang bago ang bilang kung wasto ang pangungusap at **ekis (X)** kung hindi. Gamitin ang sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang ating mga talento ay mga kakayahan na dapat nating gamitin at palakasin.
- \_\_\_\_\_ 2. Hindi na kailangan pang linangin ang ating pagiging malikhain.
- \_\_\_\_\_ 3. Gamitin lagi ang angking kakayahan, talento, at kagalingan sa lahat ng pagkakataon.
- \_\_\_\_\_ 4. Dapat maging responsible sa paggamit ng angking talento.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga kakayahan, talento, at kagalingan ay maaaring mawala sa tao.
- \_\_\_\_\_ 6. Gamitin para sa sarili lamang ang ating mga kakayahan, talento, at kagalingan.
- \_\_\_\_\_ 7. Namamana at natututunan natin ang ating mga talento/kakayahan.
- \_\_\_\_\_ 8. Maging mapanagutan. Dapat sa mabuti lamang gamitin ang ating mga kakayahan, talento, at kagalingan.
- \_\_\_\_\_ 9. Kung ginagamit ang mga kakayahan, talento, at kagalingan, mas mapapahusay pa ang mga ito.
- \_\_\_\_\_ 10. May parangal man o wala, gamitin ang kakayahan, talento, at kagalingan para sa kapwa.



## ***Isagawa***

Sumulat ng mga paraan kung paano malilinang ang iyong mga kakayahan, talento, at kagalingan hindi lamang para sa iyong sarili kundi para sa kapwa. Gamitin ang sagutang papel.

<b>Mga</b> kakayahan, talento, at kagalingan	<b>PARAAN NG PAGLINANG</b>
Halimbawa: Pagsasayaw	Madalas na pagsali sa mga paligsahan sa pagsasayaw at paglahok sa mga programa sa paaralan na malilinang ang aking talento sa pagsasayaw.
1. Malikhaing Pagsusulat (pagsulat ng tula, maikling kwento, sanaysay, at iba pa)	
2. Sining (pagguhit, pagpipinta, paglililok, potograpiya, at iba pa)	
3. Pag-awit, pagsusulat ng awitin, at pagtutog ng iba't-ibang intrumentong pangmusika, at iba pa	
4. Pamumuno sa mga kapwa kamag-aral	
5. Pakikilahok sa isports, pag-sayaw, pagsali sa teatro/drama, at iba pa	
6. Pagluluto, paghahalaman, at iba pa	



## Tayahin

**Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat sa sagutang papel kung paano mo maipapakita ang pagkamalikhain o kung paano malilinang ang iyong mga kakayahan, talento, at kagalingan.

1. Dahil magaling ka sa pagdidisenyo, nagpapatulong sa iyo sa paggawa ng kanyang proyekto ang iyong nakababatang kapatid. Gusto mo siyang tulungan pero kulang kayo sa mga kagamitan. Ayaw mong bumili ng mga bagong materyales para sa proyekto. May nakita kang mga kagamitan sa inyong bakuran na maaari ninyong magamit para dito. Paano mo magagamit ang iyong pagkamalikhain?

---

---

---

2. Pinapagawa kayo ng isang sayaw ng inyong guro sa P.E. Napansin mo na meron kayong kagrupo na hindi marunong sumayaw. Paano mo maipapakita ang galing mo sa pagsayaw at pagkamalikhain sa paglutas sa ganitong suliranin?

---

---

---

3. May mga lata na sa inyong bahay na hindi ginagamit ngunit alam mong may silbi pa. Isang araw, nagpatulong sa iyo ang iyong magulang na ayusin ang mga tanim sa inyong bakuran. Paano mo magagamit ang mga lata nang may pagkamalihain?

---

---

---

4. Nakita mo ang iyong mga kapatid na inuubos ang oras sa paglalaro ng *mobile games*. Gusto mo silang tulungan na mabago ang nakagawiang gawain at maging katulad mong ginagawang libangan ang pagtugtog ng mga instrumentong pangmusika. Magaling ka dito at marami kang *musical instuments* sa bahay at hindi na palaging nagagamit. Ano ang pwede mong gawin?

---

---

---

5. Palaging nakakalimutan ng iyong mga kasama sa bahay na mag-suot ng *face mask* sa tuwing lalabas ng bahay. Kailangan pa silang palaging paalalahanan na isuot ito bago lumabas ng bahay. Paano mo sila mabibigyan ng paalala bago sa tuwing lumalabas ng bahay gamit ang iyong pagiging malikhain?

---

---

---



## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Pumili lang ng isa sa mga sumusunod at gawin ito.

1. Gumawa ng isang maikling *video presentation* na nagpapakita ng iyong pagiging malikhain.
2. Gumawa ng *poster* sa isang *bond paper* tungkol sa iyong mga taglay na kakayahan, talento, at kagalingan.



## Susi sa Pagwawasto

### Subukin

1. Maaaring magkaiba-iba ang sagot
2. Maaaring magkaiba-iba ang sagot
3. Maaaring magkaiba-iba ang sagot
4. Maaaring magkaiba-iba ang sagot
5. Maaaring magkaiba-iba ang sagot

### Tuklasin

1. Dahil akala niya ay hindi talent ang pagiging malikhain
2. Magaling silang sumayaw, umawit gumuhit, at gumawa ng mga bagay mula sa mga patapong gamit
3. Paligsahan sa *scrap art*
- 4-6. Maaaring magkaiba-iba ang sagot

### Tayahin

1. Sumasali sa paligsahan, madalas sumulat ng tula upang mahasa ang angking kakayahan
2. Gumagawa ng mga poster para sa buwan ng pagdiriwang sa paaralan
3. Sumasali sa paligsahan, madalas na aawit upang mahasa ang angking kakayahan
4. Tatakbo bilang pangulo ng isang organisasyon
5. Tuturuan ang ibang mga mag-aaral na sumali sa isports.

### Isaisip

1. /
2. X
3. /
4. /
5. /
6. X
7. /
8. /
9. /
10. /

### Balikan

1. Bayanihan
2. Pagbibigay ng pasalubong
3. Pagkakaroon ng utang na loob
4. Pagiging magiliw sa panauhin
5. Pakikisama
6. Pagiging malapit sa pamilya
7. Palusong
8. Pagmamano
9. Pagpapakumbaba
10. Matulungin

### Pagyamanin

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Oo
6. Oo
7. Hindi
8. Oo
9. Oo
10. Oo



## ***Sanggunian***

K to 12 Curriculum Guide 2016 in EsP Grade 5, pah. 74

Zenaida Ylarde and Gloria Peralta, *Ugaling Pilipino Sa Makabagong Panahon* (repr., Quezon City: Vibal Group, Inc., 2016), pp.116-123.

Contextualized Teaching Guide of Tacloban City 2019

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)